TITLE VI

Mga Pamamaraan ng Reklamo

Ang sinumang tao na naniniwala na siya ay diniskrimina batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ng Fairfield and Suisun Transit (tinutukoy dito bilang "FAST") ay maaaring magsampa ng reklamo ayon sa Title VI sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsusumite ng Form ng Reklamo ng Title VI ng FAST. Ang Mga Pamamaraan ng Reklamo ayon sa Title VI ng FAST at ang Form ng Reklamo ay makikita rin sa website ng FAST sa www.fasttransit.org. Iniimbestigahan ng FAST ang mga reklamong natanggap ng hindi hihigit sa 180 araw pagkatapos ng pinaghihinalaang insidente. Iproproseso ng FAST ang mga kumpletong reklamo.

Ang mga reklamo ay dapat nakasulat at dapat pirmahan ng nagrereklamo at/o kinatawan ng nagrereklamo. Dapat ganap na isaad hangga't maaari ng mga reklamo ang mga katotohanan at pangyayari na bumubuo sa pinaghihinalaang diskriminasyon. Kung sakaling gagawa ng sasabihing reklamo ng diskriminasyon ang isang tao sa isang opisyal o empleyado ng FAST, ang taong iyon ay dapat kapanayamin ng Tagapangasiwa ng Programa ng Title VI. Kung kinakailangan, tutulungan ng Tagapangasiwa ng Programa ng Title VI ang tao na ibaba ang reklamo bilang nakasulat at isumite ang nakasulat na bersyon sa pipirmang tao. Ang reklamo ay dapat pamahalaan alinsunod sa mga pamamaraan ng FAST para sa imbestigasyon.

Kapag natanggap na ang reklamo, susuriin ito ng FAST para malaman kung mayroong kapangyarihan ang opisina nito. Sa loob ng 10 araw, kikilalanin ng Tagapangasiwa ng Programa ng Title VI sa sulat ang pagtanggap ng alegasyon, ipagbibigay-alam sa nagrereklamo ang ginawang pagkilos o iminungkahing pagkilos para iproseso ang alegasyon, at papayuhan ang nagrereklamo ng ibang mga magagamit na paraan ng paglutas, tulad ng STATEDOT at USDOT.

Papayuhan ng FAST ang STATEDOT at/o USDOT sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng mga alegasyon. Sa karaniwan, ang mga sumusunod na impormasyon ay kasama sa bawa't abiso sa STATEDOT at/o USDOT:

a) Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo.

b) (Mga) pangalan at (mga) address ng (mga) opisyal na inaakusahang nandidiskrimina.

c) Batayan ng reklamo (hal., lahi, kulay, bansang pinagmulan).

d) Petsa ng (mga) pinaghihinalaang pagkilos ng pandidiskrimina.

e) Petsa nang matanggap ng tatanggap ang reklamo.

f) Isang pahayag ng reklamo.

g) Ibang mga ahensiya (estado, lokal, o pamahalaan) kung saan isinampa ang reklamo.

h) Isang paliwanag ng mga pagkilos na ginawa o iminungkahi ng FAST para malutas ang problema sa reklamo.

Sa loob ng 60 araw, ang Tagapangasiwa ng Programa ng Title VI ay magsasagawa ng isang imbestigasyon sa alegasyon at batay sa nakuhang impormasyon, ay magbibigay ng isang rekomendasyon para sa pagkilos sa isang ulat ng mga malalaman sa Direktor ng Lungsod ng Fairfield sa Mga Gawaing-Bayan. Dapat lutasin ang reklamo sa pamamagitan ng hindi pormal na paraan kailanman maaari. Ang mga ganitong hindi pormal na pagsubok at ang kanilang mga resulta ay ipapahayag sa maikling buod ng ulat ng mga malalaman.

Sa loob ng 90 araw nang matanggap ang reklamo, ang Direktor ng Mga Gawaing-Bayan ay aabisuhan sa sulat ang nagrereklamo tungkol sa naabot na pinal na desisyon, kasama ang iminumungkahing pag-aayos ng problema. Papayuhan ng abiso ang nagrereklamo sa kanyang mga karapatan sa STATEDOT at/o USDOT, kung sila ay hindi nasisiyahan sa pinal na desisyon na ibinigay ng FAST. Ang Tagapangasiwa ng Programa ng Title VI ay bibigyan rin ng kopya ng desisyon na ito ang STATEDOT at/o USDOT at buod ng mga malalaman kapag nakumpleto ang imbestigasyon.

Maaari rin direktang magsampa ng reklamo ang isang tao sa Federal Transit Administration, sa FTA Office of Civil Rights, 1200 New Jersey Avenue SE, Washington, DC 20590.

Ang mga Contact para sa iba't-ibang mga administratibong kapangyarihan ng Title VI ay ang mga sumusunod:

Federal Transit Administration Office of Civil Rights (Opisina ng Mga Karapatang Sibil ng Federal Transit Administration)
Attention: Title VI Program Coordinator
East Building, 5th Floor – TCR
1200 New Jersey Ave., SE
Washington, DC 20590

U.S. Department of Transportation Headquarters (Headquarters ng Kagawaran ng Transportasyon ng Estados Unidos)
Departamental Director of Civil Rights (Direktor ng Departamento ng Mga Karapatang Sibil)
Office of the Secretary (Opisina ng Kalihim)
U.S. Department of Transportation (Kagawaran ng Transportasyon ng Estados Unidos)
External Civil Rights Programs Division (S-33) (Panlabas na Sangay ng Mga Programa sa Karapatang Sibil)
1200 New Jersey Ave., S.E.
Washington, D.C. 20590
Telepono: 202-366-4070, Fax: 202-366-5575, TTY: 202-366-9696